



PROVINCE OF BULACAN
OFFICE OF THE SECRETARY
OFFICIAL RECEIVED

DATE: 4-14-26
TIME: 10:30
BY: Kox

PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2026-05

"NAGSUSUSPINDE NG KOLEKSIYON NG MGA BAYARIN SA ILALIM NG SEKSIYON 131 NG REVENUE AND INVESTMENT INCENTIVE CODE NG BUSTOS, BULACAN PARA SA MGA TRICYCLE OPERATOR NA KANIB SA MGA AKREDITADONG TRANSPORT OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATIONS SA BAYAN NG BUSTOS PARA SA TAONG 2026."

May akda:

Igg. Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan

Isinasabatas ng Sangguniang Bayan ng Bustos, Bulacan sa Kapulungan nito:

Seksiyon 1. Maikling Pamagat. – Ang Kautusang ito ay kikilalaning "Kautusan sa Pansamantalang Ginhawa sa mga Bayarin ng mga *Tricycle Operator* ng Bustos."

Seksiyon 2. Diwa at Patakaran. – (a) Patakaran ng Bayan na magbigay ng makatwirang ginhawa sa mga *tricycle operator* sa harap ng pabagu-bagong presyo ng produktong petrolyo at pagtaas ng halaga ng mga pangunahing bilihin, nang hindi isinasantabi ang kaayusan at regulasyon sa operasyon ng pampublikong sasakyan sa loob ng Bayan.

(b) Ang Kautusang ito ay naglalayong pagaanin ang agarang pasanin ng sektor habang pinananatiling umiiral ang sistema ng pagpapahintulot, pagpaparehistro, at pagkakakilanlan.

Seksiyon 3. Saklaw. – (a) Saklaw ng Kautusang ito ang may bisa at umiiral na prangkisa o awtoridad na *mag-operate*; at kaanib sa mga *transport operators and drivers associations* (TODA) na akreditado sa Bayan ng Bustos.

Igg. Martin SJ. Angeles, MMPA

Igg. Francis Albert G. Juan

TANGCAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG BAHAY PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | 11thsbbustos@gmail.com | www.facebook.com/11thSangguniangBayannBustos/

(b) Hindi saklaw ng Kautusang ito (a) mga *operator* na hindi kaanib sa *Bustos-accredited TODAs*; at mga *operator* o aplikanteng hindi saklaw ng talata 2 at 3 ng Seksiyon 131.

Seksiyon 4. *Pansamantalang Suspensiyon ng Koleksiyon ng mga Bayarin.* – Sa kabila ng mga probisyon ng Seksiyon 131 ng *Revenue and Investment Incentive Code* ng Bustos, Bulacan, ang koleksiyon ng mga sumusunod na bayarin sa ilalim ng talata 2 at 3 nito ay pansamantalang isinususpende.

Ang lahat ng nakauka ng prangkisa sa taong 2026 na may bayad, sa ilalim ng ordinansang ito ay pagkakalooban ng libreng bayarin para sa taong 2027 at 2028.

Seksiyon 5. *Pagpapanatili ng Prangkisa, Mayor's Permit, Conduction Sticker, at Iba Pang Rekisito.* – (a) Hindi inaalis ng Kautusang ito ang pangangailangang kumuha, magproseso, at magpanatili ng prangkisa at *Mayor's Permit*, ni ang pangangailangang kumuha, magpanatili, at magpakabit ng *conduction sticker* bilang tanda ng kasalukuyang pagpaparehistro at awtoridad na mag-operate, sa kabila ng pansamantalang suspensiyon ng koleksiyon ng kaukulang bayad para sa mga ito.

(b) Ang prangkisa, *Mayor's Permit*, at *conduction sticker* ay patuloy na ipoproseso at iiisyu alinsunod sa umiiral na mga proseso at panuntunan ng Pamahalaang Bayan, kahit walang sinisingil na bayad sa panahon ng bisa ng Kautusang ito.

(c) Walang traysikel na saklaw ng Kautusang ito ang pahihintulutang bumiyahe nang walang wastong prangkisa, *Mayor's Permit*, at *conduction sticker*, maliban kung may ibang pansamantalang kapahintulutang inisyu alinsunod sa umiiral na patakaran.

Seksiyon 6. *Pagsubaybay at Pagsusuri.* – Ang mga kaukulang tanggapan ng Pamahalaang Bayan ay magsasagawa ng pana-panahong pagsusuri sa epekto ng Kautusang ito upang matiyak ang patuloy na kaangkupan nito.

Seksiyon 7. *Pagsususog na Sugnay.* – Alinmang bahagi o mga bahagi ng mga kautusang pambayan, kautusang pambarangay, kapasiyahan, atas tagapagpaganap o pampangasiwaan na taliwas sa mga itinatadhana ng Kautusang ito ay inaangkop, binabago, sinususugan o pinawawalang-bisa


Igg.Martin SJ. Angeles, MMPA


Igg. Francis Albert G. Juan


Seksiyon 8. Paghihiwalay na Sugnay. – Alinmang bahagi o mga bahagi ng Kautusang ito na mapapatunayang labag sa batas o sa Saligang Batas ay hindi magpapapawalang-bisa sa mga tadhanain ng Kautusang ito na hindi napatunayang labag sa batas.


Seksiyon 9. Pagkakabisang Sugnay. – Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa sandaling ito ay maaprubahan.


ISINASABATAS, ngayong ika-30 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni



Romeo B. Gabalquinto
Kasangguni



Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni



John Erick L. Perez
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Igg. Francis Albert G. Juan

PAGPAPATUNAY:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay isinabatas ng Sangguniang Bayan ngayong ika-30 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim.


ATTY. GERARDO S. BRIASA
Kalihim


Sinang-ayunan:


Nilagdaan ngayong ika- 8 ng April 2024


FRANCIS ALBERT G. JUAN
Punong Bayan



Igg. Raymond R. Perez


Igg. Melvin H. Melencio


Igg. John Erick L. Perez


Igg. Romeo B. Calaquino


Igg. Aljhaned E. Quinsones


Igg. Phillie Weyner B. Santos


Igg. Kyle Gabrielle DR. Navarro


Igg. Martin SJ. Angeles, MMPA

